UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
PILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Tanging Bilang — Agosto 25, 1983

## PAHAYAG TUNGKOL SA PAGPATAY KAY BENIGNO AQUINO JR.

Panibagong kasukdulan ng kawalang-pakundangan, pambebenggansa, pagtatraydor, at terorismo ang inabot ng pasistang papet na rehimeng Marcos nang patayin si dating Senador Benigno Aquino Jr. sa Manila International Airport noong hapon ng Agosto 21.

Kababalik lang si Aquino noon sa Pilipinas mula sa tatlong taong distyero sa US nang sa eroplano pa lang ay arestuhin na siya ng mga tauhan ng reaksyonaryong AFP. Sa loob ng ilang minuto'y patay na si Aquino, na pinaputukan sa ulo nang malapitan. Nangyari ang lahat ng ito habang diumano'y tinitiyak ng rehimeng Marcos ang "ganap na siguridad" sa erport.

Tatlong lider ng pasistang rehimen ang tumatampok na mga pasimuno sa buktot na krimen--ang pasistang diktador na si Marcos, ang asawa niyang si Imelda Marcos, at si Hen. Fabian Ver, ang pinakapinagtitiwalaang utusan ni Marcos sa AFP.

Si Aquino, ang pangkalahatang kalihim ng Liberal Party, ay matagal nang kilala bilang isa sa mga pinakaartikulante't mabisang tumutuligsa sa rehimeng Marcos. Matagal na rin siyang itinuturing na pinakamalakas na katunggali ni Marcos sa larangan ng burges na pulitika sa Pilipinas. Halimbawang nagdaos ng eleksyong presidensyal na di gaanong madaya at magulo, siguradong tatalunin ni Aquino si Marcos.

Alam ni Marcos na banta sa kanya si Aquino, kaya't tiniyak niyang arestuhin itong huli nang ipataw ang batas militar noong 1972. Walang taning siyang ipinakulong sa Fort Bonifacio, ipinalitis sa isang hukumang militar na si Marcos ang lumikha, at sinentensyahan ng kamatayan batay sa gawa-gawang mga bintang.

Halos walong taon nang mag-isang nakapiit si Aquino nang pansamantala siyang pinakawalan ni Marcos noong 1980 para makapunta sa US at magpaopera sa puso.

Hindi iyon pagmamagandang-loob sa isang kaaway sa pulitika, gaya ng gustong palabasin ng rehimeng Marcos. Una, sila ang mananagot kung namatay si Aquino habang nasa kamay nila nang hindi nabibigyan ng sapat na panggagamot. Ikalawa, at mas importante, akala ni Marcos na mabisa niyang manunyutralisa si Aquino kung kanya itong itatapon sa labas ng Pilipinas at

ihihiwalay sa pwersa ng ligal na oposisyon dito, na si Aquino ang tinitingnang namumukod-tangi at epektibong lider. Sa kalkula ni Marcos, alisin lang si Aquino sa Pilipinas nang matagal-tagal ay malilimutan na siya ng publiko at mapag-iiwanan sa pulitika.

Habang nasa US, di tumigil si Aquino sa pagtuligsa sa rehimeng Marcos. Pinagkaisa niya't inorganisa ang mga Pilipinong naroroon, gayundin ang mga Amerikanong Pilipino, na tutol sa pag-iral ng pasistang diktadura sa inangbayan. Inungnayan niya ang nakikiisang mga personalidad ng gubyernong US, laluna ang mga elementong burges-liberal sa Konggresong US. Sa pamamagitan ng lahat ng ito, masigasig niyang ibinunsod ang pagkakaroon ng pinakamalawak na alyansa ng lahat ng pwersang demokratiko upang ibagsak ang rehimeng Marcos.

Subalit lubhang limitado ang maaari niyang gawin sa US. Una, dahil wala siya mismo sa Pilipinas—at hiwalay sa mga pwersang pampulitika na mapagpasya sa pagbabagsak sa rehimeng Marcos. At ikalawa, dahil sa puspusang suporta sa rehimeng Marcos na ibinibigay ng administrasyong Reagan, at lamig na ipinapakita nito sa mga oposisyonistang anti-Marcos. Dagdag pa, habang lumilipas ang panahon ay lumilipas din ang bisa ni Aquino sa pulitika, palibhasa'y malayo siya sa pangunahing tanghalan ng labanan. At ang pinakamabigat, nananatiling kulang na kulang ng pagkakaisa't lakas ang mga pwersa ng ligal na oposisyon sa Pilipinas sa panahong umiigting ang paghahati sa pagitan ng mga pwersang kontra at para sa diktadura, at sumisidhi ang mga labanan. Ito ang mga dahilan kung bakit tumibay ang disisyong umuwi ni Aquino.

Alam niyang malaki ang panganib. Dahil di binabawi ang sentensyang kamatayan, maaari siyang ikulong muli o gawaran ng parusa ng *firing squad*—kundi man siya patayin pagtuntong pa lamang sa erport. Tinimbang niya ang mga posibilidad na ito, gaya ng naipahayag niya sa mga dayuhang peryodista ilang oras bago bumalik sa Pilipinas. Ngunit inisip niya marahil na hindi malamang, bagamat posible, na patayin siya ng rehimen sa mismong erport. Doon siya nagkamali. Di niya natantya kung gaano kadesperado ang rehimen.

Balak niya na pagdating sa Maynila ay makipagdayalog kay Marcos "sa diwa ng pagbabalikang-loob" at hingin dito na lansagin ang pasistang paghaharing militar sa Pilipinas. Sa mas pangmatagalan, balak niyang pagkaisahin, palakasin at reorganisahin ang kalat-kalat na pwersa ng ligal na oposisyon upang mailagay sa pusisyong kaharapin at kalabanin sa pulitika ang rehimeng Marcos.

Samantala, sa Maynila naman ay mahigpit na sinusubaybayan ng rehimen ang mga plano ni Aquino. "Pagbabalikang-loob" at "walang pandarahas" ang sinasabi ni Aquino, pero kung papayagan siyang mag-ayos muli ng kanyang pwersa'y tiyak na di maiiwasan ang paghaharapang humigit-kumulang ay patas. Kaya nga't parang sinilaban ang puwit ng rehimen nang ipahayag ni Aquino, may ilang linggo na ang nakakaraan, ang kanyang di matitinag na determinasyong umuwi anuman ang mangyari.

Sa gitna ng mga krisis sa ekonomya't pulitika na mabilis na lumalala, di na kailangan pa ng rehimen si Aquino para madagdagan ang mga dati nang problema. Kayat nangyari na ginawa nito ang lahat para pigilan ang kanyang pag-uwi, pagkaraan ng ilang taong pangangantyaw na diumano'y tinakbuhan niya ang pangakong bumalik pagkatapos magpaopera sa puso. May mga balak daw ang ibang grupo, anang rehimen, na patayin siya. At bilang pagmamalasakit daw sa kanyang kapakanan, di bibigyan si Aquino ng kailangan niyang mga papeles sa byahe, at hiniling ng rehimen na huwag na siyang bumalik pa.

Nang magpilit si Aquino, at itinuloy nga ang kanyang plano, tinaningan na ang kanyang buhay. Ipinasya ng desperadong rehimen na sa erport pa lang ay patayin na siya. Totoo na pwede rin sanang nailigpit siya sa paraang "mas pulido" kung naghintay-hintay sandali. Pero maaaring mas mahirap na itong gawin minsang mabigyan siya ng pagkakataong ayusing muli ang mga pwersa ng ligal na oposisyon, at makapusisyon para mabisang impluwensyahan ang mga pangyayaring pampulitika dito sa bayan. Isa pa, kung paabutin pa sa panahong iyon, ang

pampulitikang mga konsekwensya ng pagpatay sa kanya ay magiging mas kagyat, mas mabigat, at mas mahirap aregluhin. Malaking iskandalo nga para sa rehimen kung sa erport papatayin si Aquino, pero sa tantya nila'y mas mabuti na iyon kaysa ibang mapagpipilian. Nakapwesto na sa erport ang mga mamamatay-tao ng rehimen noong Linggo, at sila ang tumodas sa taong nagdudulot ng malaking banta sa patuloy na paghawak ni Marcos sa poder.

May sariling mga dahilan din ang bulok at ambisyosang si Imelda Marcos para naising mailigpit si Aquino. Dahil siya ang ihinahandang pumalit sa kanyang asawa sa pamumuno sa pasistang rehimen, may tama siyang akala na si Aquino ay magiging malaking hadlang sa kanyang mga ambisyon kung papayagan itong umuwi at mag-ayos muli ng kanyang pwersa. Ilang araw lang bago nito, tahasang sinabi ni Imelda Marcos na "kapag bumalik dito si Aquino, patay siya." Iyon ay banta, at pangako rin, na may binabalak gawin ang rehimen.

Si Ver naman, na walang ibang kwalipikasyon para maging pinuno ng AFP kundi ang bulag na katapatan kay Marcos, ay sumunod sa utos ng amo tulad ng dati. Nakipagsabwatan siya kay Marcos, at siya ang umasikaso sa mga ditalye ng pagliligpit sa taong nagbabantang humadlang sa patuloy nilang paghawak sa kapangyarihan.

May di tuwirang responsibilidad ang administrasyong Reagan sa US sa pagpatay kay Aquino. Resulta ito ng patakaran at mga kongkretong hakbang ng halos walang pasubaling suporta sa pulitika, militar at ekonomya na ibinibigay sa papet na pasistang panghating Marcos, habang winawalang-bahala naman ang mga oposisyonistang anti-Marcos sa pamumuno ni Aquino.

Sa pamamagitan ng patakarang ito, aktibong hinikayat ng administrasyong Reagan ang rehimeng Marcos na pasidhiin ang kampanya ng panunupil laban sa sambayanang Pilipino. Laluna mula noong ikalawang hati ng 1982, bumabanat ang rehimen sa mga elementong progresibo't anti-diktadura sa hanay ng manggagawa, taong-simbahan at masmidya. Masahol pa ang ginagawa sa kanayunan. Alinsunod sa tinatawag na "counter-insurgency," ang terorismo ay pinag-ibayo ng rehimeng suportado ng administrasyong Reagan sa pagpaplano at lohistika. Kahit ang mga ligal na oposisyonista ay di pinapalampas; ikinukulong, ginigipit, binabantaan at tinatakot din sila. Makapal ang apog na pinatay ng rehimen si Aquino, dahil sa pangungunsinti ng administrasyong Reagan.

Mula nang patayin si Aquino, nagpahayag ng patuloy na suporta para sa rehimeng Marcos ang administrasyong Reagan. Agad itong nagsabi na walang kagagawan ang mga tauhang militar ni Marcos at sa ganito'y sinuhayan ang pagtatangka ng rehimen na takpan ang krimen. Mistula nang binasbasan ng administrasyong Reagan ang tiyak na paghuhugas ng kamay ng rehimen kaugnay ng pagpatay kay Aquino.

Di lang iyon, kundi makapal ang mukhang inulit pa ni Reagan na itutuloy ang pang-estadong dalaw niya sa rehimeng Marcos sa unang bahagi ng Nobyembre.

Kasunod ng pagpatay, nagtangka na naman ang rehimeng Marcos na sisihin ang iba, sa partikular ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Bagong Hukbong Bayan na pinamumunuan nito. Madalas nang nangyari sa nakaraan, at katunayan ay naging ugali na nga ng rehimen, na siraan sa ganitong paraan ang Partido at ang hukbong bayan. Subalit ang mga pakanang ito ay lagi namang nabibisto dahil sobra ang gaspang at sinungaling.

Sa kaso ng pagpatay kay Aquino, nagaganap ang isang prosesong nakagawian na ng rehimen: maglunsad kunwari ng imbistigasyong maglilitaw ng impormasyong walang silbi, kundi man nakaliligaw; gamitin ang bihag na masmidya upang tambakan nang tambakan ng paninira ang Partido at hukbong bayan; maghagilap ng mga usaping sekundaryo na iaangkas sa pangunahing usapin; at pagkaraan ng sandali'y hayaan na lang mawala ang ingay at lubos na makalimot ang mga tao.

Sa kaso ng pagpatay kay Aquino, tulad ng ibang krimen ng rehimen na tinangka nitong ibintang sa Partido at hukbong bayan, nariyan ang lahat ng palatandaan na ang rehimen ang maysala.

Ang sumusunod ay ilan sa mga sirkunstansyang nakapaligid sa pagpaslang kay Aquino na di basta mabura ng rehimen:

1. Ilang araw bago dumating si Aquino, hiniling sa rehimen ng kanyang mga kaalyado sa pulitika sa United Democratic Opposition (Unido) na magkaroon ng sapat na siguridad sa erport sakaling may magtangka kay Aquino. Nagbigay ng garantya si Ver, at ito'y masunuring iniulat ng bihag na masmidya, na isinasaayos ang "ganap na hakbang pansiguridad." Mangyari pa, napuno ang erport ng daan-daang tropa ng AFP na nakauniporme't nakasibilyan bago dumating si Aquino. Siniyasat nila ang bawat pumapasok sa mga lugar na ipinagbabawal, laluna sa malapit sa mga eroplano. Gayunman, nakapuslit daw, anang rehimen, ang isang taong walang anumang papeles para siya'y makilala--at may dala pang malaking rebolber--, at nakalapit kay Aquino na inaresto na, at napaputukan siya mula sa distansyang 14 hanggang 16 na pulgada. Mamamatay-tao ng rehimen lamang ang makagagawa nito.

2. Dalawang araw bago dumating si Aquino, sinabi ni Ver, na masunurin na namang iniulat ng bihag na masmidya, na di hahayaang makababa si Aquino sa anumang eroplanong sinasakyan niya, at pababalikin siya sa anumang bayang pinanggalingan sa eroplano ring iyon. Pero inaresto si Aquino ng mga tauhan ng Aviation Security Command ng rehimen (Avsecom o pwersang pansiguridad sa erport), at idinaan sa tabi ng eroplano, na doon naman daw ay tamang-tamang naghihintay ang sinasabing pumatay. Sinabi ng hepe ng Avsecom, si Hen. Luther Custodio, nang *tapos na* ang pagpatay kay Aquino, na "ang utos sa akin ay arestuhin siya" at dalhin sa Military Security Unit sa Fort Bonifacio, sa kabila ng naunang pahayag ni Ver. Pagkatapos, ang istoryang ito ay pinalitan ni Hen. Prospero Olivas, hepe ng PC Metropolitan Command (Metrocom). Sinabi niyang ang utos ay dalhin si Aquino sa hedkwarter ng Avsecom sa Villamor Air Base (dating Nichols) para alamin kung palsipikado ang mga papeles na ginamit ni Aquino pagparito. Kung ganoon nga, ibabalik daw siya sa erport, ilululan muli sa eroplanong sinakyan niya paparito, at pababalikin sa pinanggalingan niyang bayan. Sa magulong mga kwento ng mga pinunong militar ng rehimen, isang bagay ang lumilitaw nang malinaw: ayaw bigyan ng rehimen ng bagong pasaporte si Aquino, kayat ang anumang papeles para sa byahe na dala niya'y kinakailangang palsipikado. Hindi na siya kailangang dalhin sa hedkwarter ng Avsecom para lang tiyakin ito. Ang kailangan lang gawin nina Custodio at mga tauhan niya ay puntahan si Aquino sa eroplano, tingnan ang kanyang papeles, at huwag siyang pababain tulad ng inanunsyo ni Ver. Pero hindi. Kinailangan nilang palabasin siya sa eroplano at idaan sa tabi ng eroplano na tamang-tama nama'y doon naghihintay ang sinasabing pumatay.

3. Walang iba kundi sina Marcos, Imelda Marcos, Ver at malamang ilan sa pinakapinagtitiwalaang tauhan nila ang maaaring makaalam sa mga plano (o pagbabago sa plano, kung mayroon man) hinggil sa pagdating ni Aquino. Samakatwid, walang ibang mamamatay-tao, kundi ang sa rehimen, ang maaaring makaalam nito at makapwesto sa daraanan ni Aquino.

4. Pagkatapos daw barilin si Aquino ng sinasabing mamamatay-tao, ayon sa ulat ng rehimen, siya naman ang pinagbabaril ng mga sundalo ng Avsecom na kasama ni Aquino. Pero, di na lang nakuntento ang mga ito sa pagbalda sa sinasabing pumatay, kundi, pagkaraan ng ilang segundo'y nilapitan pa siya at pinaulanan ng bala habang nakabulagta. Tinitiyak nilang wala siyang masasabi na makakapagsangkot sa rehimen. Wala nga namang maisisiwalat pa ang patay.

5. Hindi hinayaang bumaba ang ibang mga pasahero, kabilang ang mga dayuhang peryodista, habang inaaresto si Aquino at dinadala sa sasakyan ng Avsecom na naghihintay sa tabi ng eroplano. Ngunit ang ilan sa kanila, ayon sa

balita, ay nakasaksi sa pagbaril mula sa bintana at pintuan ng eroplano, at sinabi nilang ang putok na nakamatay kay Aquino ay galing sa hanay ng mga sundalo ng rehimen. Sa halip na kunin ang mga ulat ng mga saksing pasahero, pinagbabantaan at tinatakot pa sila ngayon ng rehimen.

Dati nang dalubhasa si Marcos sa pampulitikang pagpatay at pagtatakip. Ang pagpatay kay Aquino ay isa lang sa mahaba't madugong serye ng karahasan na kanyang isinagawa laban sa kanyang mga kaaway sa pulitika. Pinalaki sa tradisyon ng pulitikang dominado ng mga panginoong mapandigma, bata pa'y tumampok na siya sa pagpatay kay Julio Nalundasan, isang pulitikong lumampaso sa kanyang ama sa isang eleksyon. Nakaligtas lang siya sa sentensya dahil nagawa niyang lumikha ng duda tungkol sa kanyang pagkakasala. Hanggang ngayon ay nananatiling "di lutas" ang kasong Nalundasan.

Nang siya mismo'y naging aktibo sa pulitikang burges, at laluna pag-upo niya sa pagkapangulo noong 1966, nagkaroon siya ng mas maraming pagkakataon para "pinuhin" ang kanyang kahina-hinalang mga kasanayan sa pampulitikang karahasan.

Isa sa pinakamadugo sa mga ito ang pambobomba sa malaking rali ng Partido Liberal ni Aquino sa Plaza Miranda noong Agosto 21, 1971. (Ang araw ng pagpatay kay Aquino ay ika-12 anibersaryo ng insidenteng ito.) Siyam ang namatay sa masaker na ito at mahigit isandaang iba pa ang malubhang nasugatan, kabilang ang halos lahat ng pambansang lider ng LP. Noong umpisa, tinangka ni Marcos na ibintang ang krimen sa Partido at hukbong bayan. Nang walang naniwala sa kanya, nagpahiwatig siya ng katawa-tawang akusasyon na tinangka raw magpakamatay nang maramihan ng liderato ng LP upang makakuha ng simpatya mula sa publiko para sa eleksyon noong 1971. Nakilala si Marcos sa taguring "baliw na mambobomba" dahil dito. Pagkatapos ay idinahilan niya ang insidente para suspindihin ang kasulatang *habeas corpus*. Tulad ng kasong Nalundasan, ang masaker na ito sa Plaza Miranda ay "di lutas" hanggang ngayon.

Sa loob ng isang taon pagkaraan ng masaker sa Plaza Miranda, iniutos ni Marcos ang di mabilang na pambobomba sa Metro Manila at tinangka na naman niyang ibintang ang mga ito sa Partido at hukbong bayan. Pagkatapos ay ginamit niyang dahilan ang nasabing mga pambobomba para ipataw ang batas militar, at ikinabit na ring ebidensya raw ng "rebelyon" ang inimbentong "Planong Hulyo-Agosto" na ipinaratang niya sa Partido, at ang gawa-gawang "ambus" sa minister ng depensang si Juan Ponce Enrile, na di man lang nagalusan bagamat tadtad daw ng bala ang kanyang kotse.

Mula pagpataw ng batas militar hanggang sa kasalukuyan, sunud-sunod na masaker ang isinagawa ni Marcos at ng mga tauhan niya sa pasistang AFP, na ang biktima ay libu-libong di armadong taumbaryo, pambansang minorya, unyonista, lider at aktibistang istudyante, at iba pa. Sa marami sa mga kasong ito, tinangka ring pagbintangan ng rehimen ang Partido at hukbong bayan. "Di rin lutas" ang mga krimeng ito. Kamakailan, sa kanyang utos, basta na lang pinapatay ("sinasalbeyds") ng kanyang mga pasistang ahenteng militar ang mga pinagsususpetsahan nilang "subersibo." Kapag pinananagot ang rehimen, ikinakaila lang nito ang krimen o nag-iimbento ito ng mga "engkwentro" na kinabilangan diumano ng biktima. Mahaba na ang listahan ng mga basta na lang pinatay ng rehimen, kabilang sina Dr. Remberto de la Paz, Dr. Juan Escandor, aktibista sa simbahan na si Carlos Tayag, mga peryodistang sina Demy Dingcong at Henry Romero, dating Konggresistang si Jose Lingad ng Pampanga, lider ng Kalinga na si Macli-ing Dulag, at dating lider-istudyanteng si Edgar Jopson.

Masasabi pa nga na si dating Senador Aquino ang pinakahuling "sinalbeyds" ng rehimen.

Ang pagpatay kay Aquino ay naganap habang ang Pilipinas ay isinasadlak ng rehimeng Marcos at ng mga amo nitong imperyalistang US sa palalim nang palalim na krisis sa ekonomya at pulitika. Habang lumulubha ang mga krisis at lalong nahihiwalay ang pangkating US-Marcos, lalo rin itong nagiging desperado.

Ang makatarungang protesta ng mga mamamayan ay sinasalubong ng pasistang karahasan ng rehimen. Ginagatungan naman nito ang galit ng mamamayan na tuluy-tuloy at lalo pang naibubuhos sa kanilang paglahok at pagsuporta sa pambansa-demokratikong rebolusyong pinamumunuan ng Partido. Sinubukan na ng rehimeng Marcos ang lahat ng paraan, mula huwad na eleksyon hanggang mabagsik na masaker, subalit patuloy pa ring sumusulong ang paglaban ng mamamayan sa buong bansa.

Napopoot ang bayan sa pagpatay kay Aquino at sa malupit, patraydor at garapal na paraan ng pagsasakatuparan nito. Ang isa lang konswelo ay, kahit sa kamatayan, nakakatulong pa rin si Aquino na isulong ang tungkuling ipinangako niyang isasagawa pag-uwi mula sa US--palakasin ang pagkakaisa ng mga mamamayan at ang determinasyon nilang labanan ang pasistang rehimeng Marcos.

Ipinapaabot namin ang aming simpatya at pakikiramay sa pamilya ni dating Senador Aquino. Ang kanyang asawa at mga anak ay kasama niyang nagdusa sa kamay ng rehimen, una sa pwersahang paghihiwalay mula sa kanya sa loob ng walong taong pagkakabilanggo, at pagkatapos, sa pagkahiwalay nila sa tahanan at bayang tinubuan nang sumunod sila sa kanya sa Amerika. Ngayo'y lubos na pinagkaitan na sila ng rehimen ng asawa at ama. Ang amin ding simpatya at pakikiramay sa kanyang ina, mga kapatid, at iba pang kamag-anak.

May pagkakaiba kami ng dating senador hinggil sa usapin ng pagpapabagsak sa pasistang rehimeng Marcos. Tinatanggap namin iyon. Ngunit ang layunin ng magkabilang panig--wakasan ang kinamumuhiang rehimen--ay magkaagapay. Sa maraming paraan, ang mga pagsisikap niya at ang amin ay nagkakatulungan habang sabay na nilalabanan ang iisang kaaway ng sambayanang Pilipino.

Kinikilala ng Partido at ng buong sambayanang Pilipino ang napakalaking ambag ni Aquino sa pakikibaka laban sa rehimen. Ang kanyang halimbawa at sakripisyo ay nag-iiwan sa ating lahat ng kongkretong aral: na ang lahat ng pwersang nakikibaka sa pasistang rehimeng Marcos ay dapat magkaisa, maggamit sa lahat ng anyo ng pakikibaka, makamit ang pagbagsak nito sa pinakamadaling panahon, at maipagwagi ang pambansa at panlipunang paglaya ng sambayanang Pilipino.

Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas
Agosto 25, 1983